GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA
Department of **Education**

# Mga Apprenticeship at Traineeship (Pag-aaral at Pagsasanay sa Trabaho)

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

Ang apprenticeship (pag-aaral sa trabaho) at traineeship (pagsasanay sa trabaho) ay mga landas ng pag-aaral na nagsasama ng pagsasanay sa trabaho na may sahod (on-the-job training) at pormal na pag-aaral sa isang Registered Training Organisation (Rehistradong Organisasyon sa Pagsasanay). Sa pagkumpleto ng isang apprenticeship o traineeship, ang isang tao ay magkakaroon ng mga praktikal na kasanayan at isang kinikilalang pambansang kwalipikasyon.

May makukuhang impormasyon at suporta sa Apprenticeship Office[1] website at sa Apprenticeship Support[2] website.

### Ano ang apprenticeship?

Ang mga apprentice ay sinasanay para sa isang dalubhasang trabaho at magiging isang kwalipikadong manggagawa na mayroong isang kinikilalang pambansang Vocational Education and Training (VET) qualification (Kwalipikasyon sa Bokasyonal na Edukasyon at Pagsasanay). Ang isang apprenticeship ay isang nakabalangkas na pagkakaayos ng pag-aaral na kadalasan ay tumatagal ng 3.5 o apat na taon. Pinagsasama ng pagsasanay ang praktikal na karanasan sa trabaho at sumusuportang off-the-job na pagsasanay sa isang Registered Training Organisation.

### Ano ang traineeship?

Ang mga trainee (mga nagsasanay) ay nagiging bihasa sa isang bokasyonal na sektor at tumatanggap ng isang kinikilalang pambansang kwalipikasyon na VET kapag nakumpleto. Ang traineeship ay nagbibigay ng kaalaman sa industriya at mga trabahong maaaring pasukan. Ang traineeship ay isang kasunduan sa pagsasanay sa pagitan ng trainee at ang kani-kanilang employer kung saan ang sumang-ayon ang employer na turuan ang trainee sa isang partikular na industriya, at ang trainee ay sumang-ayon na magtrabaho at matuto. Ang mga traineeship ay kadalasang tumatagal sa pagitan ng siyam hanggang 48 buwan, depende sa sektor ng industriya at antas ng sertipikong isinagawa.

### Ang mga apprenticeship at traineeship na nakabase sa paaralan

Ang mga apprenticeship at traineeship na nakabase sa paaralan ay binabayaran ng pagkakaayos sa pagsasanay para sa pagkaka-empleyo sa pagitan ng isang full-time na estudyante at isang employer.

Pinahihintulutan ng ng mga nakabase sa paaralan na mga apprenticeship at traineeship ang mga kabataan na pagsamahin ang kanilang pag-aaral sa senior school sa binabayarang part-time na trabaho at pagsasanay sa labas ng trabaho sa isang Registered Training

[1] https://www.dtwd.wa.gov.au/apprenticeship-office
[2] https://www.apprenticeshipsupport.com.au/Apprentices/What-is-an-apprenticeship

D23/1247836
June 2023
CC BY Exclusions may apply

Organisation. Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kasanayan sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng tunay na karanasan sa industriya sa loob ng isang tunay na lugar ng trabaho at makapag-aral ng isang kinikilalang pambansang kwalipikasyon. Ang nakabase sa paaralan na apprenticeship o traineeship ay nagiging bahagi ng mas malawak na programa sa edukasyon ng mag-aaral.

## Para kanino ang mga apprenticeship at traineeship na nakabase sa paaralan?

Ang opsyong ito ay para sa mga mag-aaral na interesadong makamit ang isang landas ng trabaho sa isang partikular na trabaho o bokasyon at gusto ring kumpletuhin ang kanilang senior na pag-aaral.

## Kailangan bang iendurso ng paaralan ang plano sa pagsasanay ng isang estudyante?

Ang mga oportunidad na nakabase sa paaralan na apprenticeship at traineeship ay dapat iendurso ng paaralan bilang bahagi ng pangkalahatang programa sa paaralan ng mag-aaral.

## Dagdagan ang kaalaman tungkol sa mga pag-aaral at pagsasanay sa trabaho na nakabase sa paaralan

Ang mga coordinator ng VET sa paaralan ay makakapagbigay ng impormasyon at payo tungkol sa mga nakabase sa paaralan na apprenticeship at traineeship. Karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng Department of Training and Workforce Development[3] at sa website ng Jobs and Skills WA[4].

[3] https://www.dtwd.wa.gov.au/apprenticeship-office/apprenticeships-traineeships-for-secondary-school-students
[4] https://www.jobsandskills.wa.gov.au/training/schools-and-school-students



Exclusions may apply